# ANG MAHIWAGANG RELO



Kuwento ni:
May Flor M. Viray

Guhit ni:
Florante D. Salazar

**Ang Mahiwagang Relo**

*Maikling Kuwento sa Matematika at Edukasyon sa Pagpapakatao Para sa Unang Baitang*

***Mga Kasanayan sa Pagkatuto***

*EsP1PKT-IIb-3* • *Naipakikita ang pagmamahal sa kapwa sa lahat ng pagkakataon at sa oras ng pangngailangan;*

*M1ME-IVb-4.* • *Nasasagot ang mga suliraning may kinalaman sa mga araw sa isang lingo*



# Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2018 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Viray,MayFlor M. *Ang Mahiwagang Relo*. DepEd-BLR, 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Mayflor M. Viray
Illustrator: Florante D. Salazar

Learning Resource Manager: Rizalino G. Caronan
Cheryl R. Ramiro


Santiago City
Region II

# ANG MAHIWAGANG RELO

"Uy, karton! Puwede itong ibenta para may pera kami ni Nanay," tuwang-tuwa na sambit ni Marcus. Tuwing Sabado, siya ay nangangalakal ng mga basurang maaari pang ibenta.



Lagi niyang iniisip kung paano makatutulong sa kaniyang Nanay at sa kaniyang kapuwa. Pangarap nga nitong maging isang superhero tulad ng mga napapanuod niya sa telebisyon.






Madalas niyang pinapangarap na may kapangyarihan siyang tumakbo ng mabilis na parang kidlat. Nais rin niyang maging malakas at matibay tulad ng ng isang bundok upang makatulong sa mga nangangailangan.



Isang Sabado, habang nasa tambakan siya ng mga basura, may nakita siyang matanda. Nahihirapang buhatin ang naipong mga kalakal. Tinulungan niya ito.

“Matulungin ka, apo. Sa’yo na itong kahon ko,” pasasalamat ng matanda. Ayaw tanggapin ni Marcus ang kahon ngunit ipinilit pa rin ng matanda na kunin niya ito.





Pagdating sa bahay, binuksan ni Marcus ang maliit na kahon. Isang lumang relo! Isinuot niya ito at biglang may lumabas na nakasisilaw na liwanag mula sa relo. Hinawakan niya ito.

“Gubat?! Bakit ako nandito sa gubat?” pagtataka niya. May malalagong puno at mga batong nakakatakot sa laki.






Naglakad siya at sa isang higanteng puno siya napadpad. Nagsasalita ito at gumagalaw na parang tao. “Ano ang hinahanap mo, munting bata?” tanong ng puno sa kaniya.



“Hinahanap ko po ang daan pabalik sa aming bahay,” sabi ni Marcus. Ngunit ang isinagot ng puno, “kumuha ka ng aking prutas at kainin mo lamang ito sa araw pagkatapos ng Linggo”.



Naglakad siyang muli at narating niya ang isang ilog. "Kumuha ka ng aking tubig at inumin mo lamang ito sa araw pagkatapos ng Linggo", sabi ng ilog kay Marcus. Nagtatakang sumunod si Marcus.



Muling naglakad si Marcus sa lugar nang biglang may malakas na tinig na umalingawngaw. ,
"Walang sinumang makalalabas dito sa aking kaharian,"
sigaw ng higanteng bundok habang tinatakot ang mga batang nakulong doon.

“Tulungan mo kami, hindi kami makalabas dito,” iyak ng isang bata. “Bakit ba kayo napunta dito?” tanong niya sa isang bata.






“May isang matandang hindi namin tinulungan at nang iniwan namin siya bigla kaming napunta dito,” pagsisisi ng mga bata.

Biglang naalala ni Marcus ang matandang nagbigay sa kanya ng lumang relo. “Maari kayang ibinigay niya sa akin ito upang makatulong sa mga bata dito?” bulong niya sa kaniyang sarili.



"Maaari mo ba kaming palabasin?" pakiusap ni Marcus sa malaking bundok. "Ituturo ko ang tamang daan palabas sagutin lamang ang aking tanong nang tama."





Dati pa ay walang nakakasagot sa tanong ng bundok. Kinakabahan man si Marcus, matapang na hinamon niya si bundok. "Ano ang tanong, higanteng bundok?"

“Kung ang araw kahapon ay Biyernes, anong araw bukas?” Napaisip si Marcus at sumagot. “Kung kahapon ay Biyernes at ngayon ay araw ng Sabado, bukas ay Linggo!” sagot niya.






“Magaling na bata!” puri ng bundok sa kaniya. “Dahil nasagot mo ang aking tanong, bibigyan ko ng kapangyarihan ang iyong relo.” Natuwa si Marcus dahil sa wakas magkakaroon na siya ng kapangyarihan.




Itinaas ng bundok ang kaniyang kamay at biglang kumidlat. Tinamaan ang relo ni Marcus at muli itong nagliwanag. Sinabi ng bundok, “gamitin mo ang iyong mahiwagang relo.”



“Kailangan mong lakbayin ang kagubatan ng tatlong araw lamang upang makita mo ang tamang lagusan,” dagdag nito.




Inumpisahan ni Marcus ang paglalakbay. Mahirap lakbayin ang kagubatan sa luwang nito. Tumigil lamang siya nang maggagabi na upang matulog.




Kinabukasan, nagising si Marcus dahil umiilaw muli ang kaniyang relo. Naalala niyang araw ng Lunes ngayon. " Ito ang araw pagkatapos ng Linggo!" bulong niya sa kaniyang sarili.

Naalala niya ang mga bilin ng puno at ng ilog. Mabilis siyang kumain ng prutas at uminom ng tubig bago magpatuloy sa paglalakbay. Nakaramdam siya ng kakaibang lakas at liksi.





Tumakbo si Marcus na parang kidlat sa bilis , kasabay nito ang pagbilis ng oras at araw. Sa isang iglap natapos ang tatlong araw. Sa wakas! Ang lagusan!






Itinutok niya ang relo sa lagusan. Lumambot ang lupa nito. Sinuntok niya ito nang malakas at nayanig ang bundok. Sinipa niya ito nang malakas at bumuka ito.

Nakalabas lahat ng bata sa gubat at nangako sila na tutulong sila sa ibang tao anomang oras. Bumalik si Marcus at mga bata sa kanilang mga bahay at pamilya.





Pagbalik sa kanilang bahay, yumakap si Marcus sa ina. Nakangiting bumulong sa luma ngunit mahiwagang relo. “Salamat mahiwagang relo, dahil sa’yo naging superhero na ako.”

Mula noon, sa tuwing may nangangailangan ng tulong, laging handa si Marcus na sumaklolo kasama ang kaniyang mahiwagang relo.



## Tungkol sa May-akda



Si May Flor M. Viray ay nagtapos bilang academic awardee sa University of La Salette, Santiago City sa kursong Bachelor in Elementary Education, major in English. Siya ay naging manunulat ng Solid Waste Management Modules na inilunsad ng Learning Resources Department ng SDO Santiago City at sa pagbubuo ng Multi-cultural IPEd Framework ng Rehiyon 02. Siya ay nagtuturo sa elementarya bilang Master Teacher I.

## Tungkol sa Tagaguhit



Si Florante ay nagtapos ng BSIE-Industrial Arts sa Isabela State University - Polytechnic College, Ilagan, Isabela. Sa kasalukuyan, siya ay nagtuturo ng Grade 4 sa San Mariano II Central Integrated School.



Si Marcus ay likas na matulunging bata. Dahil sa pagiging matulungin, nakatanggap siya ng isang gantimpala na tutupad sa mga pangarap niya.

Saan kaya siya dadalhin ng mahiwagang relo?